Pumasok sa kinaroroonan ko ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at uminom siya mula sa isang nakabiting sisidlan ng tubig habang nakatayo kaya tumindig ako papunta roon at pinutol ko iyon.

Ayon kay Umm Thābit Kabshah bint Thābit, na babaing kapatid ni Ḥassān bin Thābit, malugod si Allah sa kanilang dalawa, na nagsabi: "Pumasok sa kinaroroonan ko ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at uminom siya mula sa isang nakabiting sisidlan ng tubig habang nakatayo kaya tumindig ako papunta roon at pinutol ko iyon."

[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Nagsabi si Kabshah bint Thābit, malugod si Allah sa kanya: "Pumasok sa kinaroroonan ko ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, at uminom siya mula sa bibig ng isang nakabiting sisidlan ng tubig habang nakatayo..." Ginawa nga niya, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, iyon dahil sa kawalan ng posibilidad na uminom sa sandaling iyon maliban sa gayong paraan. Nagsabi pa siya: "...kaya tumindig ako papunta roon at pinutol ko iyon." Ito ay upang maingatan ang diniitan ng bibig ng Sugo ni Allah, magpabiyaya rito, at mapangalagaan ito sa pagkasira.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4301